Isang Beses na $500

NA CANADA HOUSING BENEFIT

WEB

Ang isang beses na top-up sa Canada Housing Benefit ay naglalayong tumulong sa mga umuupa na mas mababa ang kita na nahihirapan sa halaga ng upa.

Sino ang makakaaplay

Maaaring kwalipikado ka sa isang beses na bayad na $500 kung:

- Nag-file ka ng 2021 tax return
- Ikaw ay hindi bababa sa 15 taong gulang sa Disyembre 1, 2022
- Mayroon kang adjusted na net na kita na $20,000 o mas mababa (mga indibidwal) o $35,000 o mas mababa (mga pamilya)
- Isa kang residente ng Canada para sa mga layunin ng buwis sa 2022
- Ang iyong pangunahing tirahan ay nasa Canada
- Nagbayad ka ng upa para sa sarili mong tirahan sa Canada sa 2022
- Nagbayad ka ng hindi bababa sa 30% ng iyong 2021 na adjusted na net na kita ng pamilya para sa upa sa 2022

Paano mag-aplay

Mag-aplay gamit ang CRA My Account. Para makuha nang mas mabilis ang bayad mo, mag-register para sa direct deposit sa CRA My Account.

Isang online web form ay available kung hindi ka makapag-sign in o makapag-register sa isang CRA My Account. Ang mga aplikante na hindi makapag-aplay sa online ay maaaring tawagan ang CRA sa 1-800-282-8079.

Magsasara ang mga aplikasyon sa Marso 31, 2023.

Maghandang mag-aplay

Upang pabilisin ang proseso:

1. Mag-sign up sa secure na CRA My Account at direct deposit
2. I-file ang iyong 2021 income tax return (kabilang ang income tax return ng iyong asawa o ng iyong kinakasama)
3. I-update ang iyong address, marital status, at impormasyon sa bangko.

Epekto sa iba pang mga benepisyo

Ang isang beses na top-up sa Canada Housing Benefit **ay walang** epekto sa ibang mga benepisyo sa pederal, tulad ng Canada Workers Benefit, Canada Child Benefit, Goods and Services Tax Credit, at sa Guaranteed Income Supplement.

Itong bagong pederal na isang beses na bayad ay gumagana nang hiwalay mula sa buwanang Canada Housing Benefit na magkasamang pinondohan at ibinibigay ng mga probinsya at teritoryo.

70032 20221110-003A (Tagalog)

Para alamin ang higit pa, bumisita sa
canada.ca/one-time-housing-benefit

Canada

CMHC SCHL